



Republic of the Philippines  
Department of Education  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

# **MATATAG CURRICULUM**

**GOOD MANNERS AND RIGHT CONDUCT (GMRC)**

**(Baitang 1-6)**

**VALUES EDUCATION (VE)**

**(Baitang 7-10)**

**TALAN NG NILALAMAN**

- I. Gabay sa Paghuhugis ng Kurikulum**
- II. Pamantayan sa Pagkatuto**
- III. Pamantayan sa Bawat Yugto**
- IV. Pamantayan sa Bawat Baitang**
- V. Gabay Pangkurikulum**
- VI. Talahulugan**
- VII. Sanggunian**


## GABAY SA PAGHUHUGIS NG KURIKULUM

### Balangkas ng Kurikulum

Ang *Good Manners and Right Conduct* at *Values Education* (GMRC at VE) ay isang pangunahing asignatura (*core subject*) sa Programa ng Batayang Edukasyon ng *K to 12* ayon sa *Republic Act No. 11476*, ang *GMRC and Values Education Act*.

Ang *Good Manners and Right Conduct* (GMRC) o Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali ay tumutukoy sa tiyak at partikular na tinatanggap na mga batayang panlipunang pagpapahalaga, etiketa, at/ o tamang paraan ng pag-uugali na nagpapahayag ng paggalang sa mga taong nakakasalamuha. Samantalang ang *Values Education* (VE) o Edukasyon sa Pagpapahalaga ay tumutukoy sa proseso na nagbibigay ng pag-internalisa ng mga pagpapahalaga sa mga kabataan na naglalayong matuto ang mga mag-aaral ng mga etikal na saligan ng mga prinsipyo, kasama ang kakayahang kumilos batay sa mga prinsipyong ito, at ang napatibay na disposisyon na gawin ito.

Ituturo ang GMRC sa mga mag-aaral sa Baitang 1 hanggang 6 bilang pangunahing asignatura at *integrated* din ito sa Kindergarten. Ang *Values Education* naman ay ituturo sa mga mag-aaral sa Baitang 7 hanggang 10 bilang pangunahing asignatura rin, samantalang *integrated* sa mga baitang na ito ang pagtuturo ng GMRC. Ang *time allotment* ay kapareho/magkatulad ng ibang pangunahing asignatura (Section 4, RA 11476).



**A. Tunguhin ng GMRC at VE**

Makapaghubog ng kabataang Pilipino na nagpapasiya nang mapanagutan (*accountable*), kumikilos nang may wastong pag-uugali at pagkiling sa kabutihan, at nagsasabuhay ng pagmamahal sa Diyos, sarili, pamilya at kapuwa, kalikasan, bansa, at daigdig tungo sa kabutihang panlahat (*common good*), ang pangunahing tunguhin ng GMRC at VE.

**B. Mga Batayan ng Kurikulum**

Isasaalang-alang sa pagbuo ng kurikulum ang mga batayang legal, mga pangangailangan, ang mga batayang pilosopikal at mga gabay na teorya.

## 1. Batayang Legal

Ang kurikulum ng GMRC at VE ay batay sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, sa *Republic Act 11476 o Good Manners and Right Conduct (GMRC) and Values Education Act ng 2020*, at sa *Philippine Development Plan*.

Nakasaad sa Artikulo XIV, Section 3, blg. 2 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas na dapat ikintal ang mga sumusunod: pagkamakabayan at nasyonalismo, pag-ibig sa sangkatauhan, paggalang sa mga karapatang pantao, pagpapahalaga sa gampanin ng mga pambansang bayani sa historikal na pagpapaunlad ng bansa, ituro ang mga karapatan at mga tungkulin ng pagkamamamayan, patatagin ang mga pagpapahalagang etikal at espiritwal, linangin ang karakter na moral at disiplinang pansarili, pasiglahin ang kaisipang mapanuri at malikhain, palawakin ang kaalamang syentipiko at teknolohikal, at itaguyod ang kahusayang bokasyonal.

Sa bisa ng *Republic Act 11476*, ang *Good Manners and Right Conduct (GMRC) and Values Education Act*, na nilagdaan noong Hunyo 25, 2020, inatasan ang Kagawaran ng Edukasyon na magkaroon ng asignaturang *Good Manners and Right Conduct at Values Education* sa batayang edukasyon (*basic education*). Naglalayon itong linangin ang mga pagpapahalaga (*values*) na kailangan ng mga bata at kabataang Pilipino sa panghabambuhay na pagkatuto (*life-long learning*) at paghahanap-buhay (*employment*), ang dalawang pangunahing kalalabasan (*outcome*) ng Programang *K to 12*.

## 2. Mga Pangangailangan

Ang mga pangangailangan at katangian ng mga bata at kabataang Pilipino ay sumasaklaw sa kanilang kognitibo, sosyal-emosyonal, at moral na pag-unlad. Ang mga bata at kabataan ay may pangangailangan na maunawaan ang mga konsepto ng pagpapahalaga, maipahayag nang tama ang kanilang mga saloobin at ang kahalagahan nang pagsasabuhay ng mga ito sa pang-araw-araw.

Ang mga pangangailangan ng bansa at daigdig na dapat isaalang-alang sa kurikulum ng GMRC at VE ay tumutukoy sa mga pambansa at pandaigdigang mga isyu, hamon, at responsibilidad na kinakaharap ng bawat mamamayan.

## 3. Pilosopiya ng GMRC at VE

Ang GMRC at VE ay nakaangkla sa **Personalismo at Etika ng Kabutihang Asal (*Virtue Ethics*)**. Ayon sa pilosopiya ng Personalismo, nakaugat lagi sa pagpapakatao ang ating mga ugnayan. Nililikha natin ang ating pagpapakatao sa ating

pakikipagkapuwa. Sa murang edad na 6 hanggang 12 taon, maaaring hindi pa lubos na maunawaan ng isang bata ang kaniyang kalikasan bilang tao ayon sa paliwanag ng pilosopiyang Personalismo. Ngunit maaari siyang sanayin sa mga *virtue* o mabuting gawi (*habit*) at umiwas sa mga bisyo o masamang gawi upang lumaki siyang isang mabuting tao. Ito ang tuon ng *Virtue Ethics* na pinag-aaralan sa GMRC. Ayon sa pilosopiyang ito, ang pagtataglay at pagsasabuhay ng mga mabuting gawi ang nagpapabuti sa tao. Mauunawaan ng bata na dapat siyang magpakabuti hindi lamang sapagkat ito ang inaasahan sa kaniya ng lipunan kundi dahil *tao* siya - may dignidad at likas ang pagiging mabuti. May dignidad ang tao dahil siya ay bukod-tangi at may ugnayan sa kaniyang kapuwa, sa Diyos, at kalikasan. Habang siya ay tumatanda o nagkakaedad, nagkakaroon siya ng kakayahang mag-isip, magsuri at magpasya nang mapanagutan.

#### 4. Batayang Teorya

Ginagabayan ang asignatura ng mga teorya na nahahati sa limang pangkat: Antropolohikal (*Anthropological*), Sikolohikal (*Psychological*), Sosyolohikal (*Sociological*), Pilosopikal (*Philosophical*), at Teknolohikal (*Technological*).

##### **Antropolohikal**

Ang **Sociocultural Theory of Cognitive Development** ni Lev Vygotsky ay naniniwalang malaki ang papel ng pakikihalubilo (*interaction*) sa kapuwa sa kognitibong pag-unlad (*cognitive development*). Nagreresulta sa pagkatuto ang pakikihalubilo ng mag-aaral sa ibang tao sa pamayanan: sa mga kasing-edad niya (*peers*), nasa sapat na gulang (*adults*), at mga guro. Kaya mahalaga ang mga gawaing naglalapat ng mga konsepto sa tunay na buhay (*real life application*) tulad ng paglutas sa suliranin (*problem-solving*). Nagreresulta sa kognitibong pag-unlad ang pakikihalubilo ng mag-aaral sa ibang tao sa pamayanan. Kapag naaapektuhan ng kultura ang mga kilos ng tao, naiimpluwensiyahan din ang kognitibong pag-unlad (*cognitive development*) nito dahil naiiangkap na niya ang kaniyang sarili sa mga moral at etikal na pagpapahalaga ng pamayanan. Mahalagang sensitibo ang guro sa *zone of proximal development* ng mag-aaral. Dapat niyang tulungan ang mag-aaral na umusad mula sa mga gawaing kailangan ang gabay niya hanggang sa mga gawaing magagawa mag-isa ng mag-aaral tungo sa paglalapat ng mga pagkatuto sa tunay na buhay.

Ang **Independent and Interdependent Self-Construal Theory** nina Markus at Kitayama na nagsasabi na may iba't ibang pananaw sa kanilang sarili (*self-construal*), sa kapuwa (*others*), at sa ugnayan o *interdependence* ng dalawa. Ang mga nasabing pananaw ay nakaaapekto sa uri ng karanasan kasama na ang pag-iisip (*cognition*),

pandamdamin (*emotion*) at motibasyon (*motivation*) ng tao. Ang pananaw sa sarili bilang *independent* at *interdependent* ay may epekto sa kung paano magpapasiya, kikilos at mag-iisip ang tao kung kaya't mahalagang silipin ang teoryang ito sa mga paksa sa tungkol sa sarili ng GMRC at Values Education.

### **Sikolohikal**

Ang ***Experiential Learning Theory*** ni David Kolb ay isa sa mga teoryang gagabay sa pagbuo ng kurikulum ng GMRC at VE. Ayon kay Kolb, dumadaloy ang pagkatuto sa pamamagitan ng paglalapat ng mga malawak na konsepto (*abstract concept*) sa iba't ibang situwasyon. Natututo ang mga mag-aaral gamit ang mga bagong karanasan.

Kaugnay dito, ang ***Constructivism Theory*** ay makatutulong din upang mailahad ang mga aralin sa asignaturang ito. Ayon sa teoryang ito, ang mga karanasan ang pinagkukunan ng mga pagkatuto. Naniniwala ang mga *constructivist* na ang pag-unawa sa mga konsepto o prinsipyo ay nabubuo at nagiging mas malalim sa paglipas ng panahon. Nagkakaroon ng pagkatuto ang tao at gumagawa ng kabuluhan (*meaning*) batay sa kaniyang mga karanasan. Isinasaalang-alang din ang iba't ibang gawain kung saan ang mag-aaral ay magkakaroon ng pagninilay, pag-unawa at pagpapahalaga. Ang mga mag-aaral ay patuloy na nagninilay sa kanilang mga karanasan habang pinaunlad ang mga kinakailangang kasanayan at nililintang ang mga pagpapahalaga o virtue (*virtue or values*). Kaya mas epektibo ang mga mapanghamong gawaing (*challenging tasks*) may kolaborasyon dahil nahihimok na mag-isip at nahuhubog ang mga pagpapahalaga o virtue sa mga mag-aaral.

Ang ***Moral Development Theory*** ni Lawrence Kohlberg ay may direktang ugnayan sa GMRC at Values Education. Kinikilala ang pamilya bilang unang mapagkukunan ng mga pagpapahalaga (*values*) at pag-unlad ng moralidad (*moral development*) para sa isang indibidwal. Mahalaga na maisaalang-alang ang mabuting paghubog mula sa pamilya o sa unang kinamulatan ukol sa mga wastong pag-uugali at pagpapahalaga.

Dagdag din ang ***Psychosocial Development Theory*** ni Eric Erickson na may walong yugto (*stages*) ang pag-unlad ng personalidad (*personality development*) ng tao mula pagkabata hanggang pagtanda. Nararanasan ng bawat tao ang krisis (*crisis*) sa bawat yugto na maaaring magkaroon ng positibo o negatibong epekto sa kaniyang personalidad. Kapag napangingibabawan (*overcome*) ang krisis sa bawat yugto, uunlad ang mga kalakasan (*strengths*) at kakayahan (*skills*) na matugunan ang mga hamon ng buhay.

Ang **Konsepto ng Kapuwa** ay isang pangunahing konsepto sa Sikolohiyang Pilipino. Ayon kay Enriquez (1978), hindi pakikisama ang pinapahalagahan ng mga Pilipino kundi pakikipagkapuwa. Ang kapuwa ay ang ugnayan ng

sarili at iba; ang salitang kapuwa ay nagpapahiwatig na kasangkot ang pagkakilanlan ng sarili sa pagkakilanlan ng kapuwa - "*shared identity*." Ayon sa teoryang ito, mahalaga na maisasaalang-alang ang kamalayan, kaisipan, diwa, ugali, kalooban, damdamin, at marami pang iba na nakatuon sa Pagka-Pilipino at mga katutubong pananaw na nauukol sa mga pagpapahalaga.

Ginagamit din ang mga *evidence-based* na teoryang sikolohikal upang magkaroon ng siyentipikong pamamaraan ng pagtugon sa mga suliraning hinaharap. Dahil sa walang iisang pamamaraan ang makakatugon sa lahat ng kinakaharap na balakid, nararapat tingnan ang mga pamamaraang maaaring ilapat. Napapabilang dito ang mga pamamaraang halaw sa pagtingin sa kalakasan ng tao tulad ng ***Person Centered Therapy*** ni Carl Rogers, ***Positive Psychology*** ni Martin Seligman, at ***Solution Focused Brief Therapy*** nina Steve de Shazer at Insoo Kim Berg. Tinitingnan din ang paglapat ng ilang mga praktikal na kakayahan ng ***Cognitive Behavior Therapy*** ni Aaron Beck, ***Dialectic Behavior Therapy*** ni Marsha Linehan, at ***Acceptance and Commitment Therapy*** ni Steven Hayes.

### **Sosyolohikal**

Ito ay agham panlipunan na naglalayong pag-aralan ang lipunan at mga ugnayang nakapaloob dito. Ang ***Ecological Systems Theory*** ni Bronfenbrenner ay ginamit na gabay ng asignatura. Ayon dito, nakaaapekto sa paghubog ng isang bata ang kaniyang pakikisalamuha sa tahanan, paaralan, at pamayanan. Kaya mahalagang panatilihin ng mga magulang at guro ang mabuting ugnayan sa isa't isa at magtulungan tungo sa positibong pag-unlad ng bata. Binibigyang-halaga rin ng teorya ang kalagayan o karanasan ng bawat pamilya dahil may tuwirang epekto ito sa kalagayan ng isang bata.

Dapat ding maging aktibo sa kaniyang pag-aaral ang isang bata sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga gawaing pang-akademiko at panlipunan. Makatutulong ang mga gawaing ito upang magkaroon siya ng makabuluhang karanasan sa pag-aaral tungo sa kaniyang positibong pag-unlad.

Ang ***Social Learning Theory*** ni Albert Bandura ay nagsasabi na ang pagkatuto ng mag-aaral ay nabibigyang-diin sa kahalagahan ng pagmamasid at pagmomodelo ng mga pag-uugali, at emosyonal na reaksyon ng iba kaalinsabay din ang konsepto ng pagiging epektibo sa sarili sa iba't ibang mga konteksto.



### **Pilosopikal**

Ang pananaw ni Matthew Lipman na ang mga bata ay may kakayanang matuto mula sa isa't isa ay siyang batayan ng **Community of Inquiry** kung saan ang **multidimensional thinking** (critical, creative, collaborative, at caring thinking) ng mga mag-aaral ay nalilinang sa pamamagitan ng kanilang pagninilay at pagsusuri, at pakikipag-usap at pakikipagtalastasan sa isa't isa. Naging basehan din nito ang teorya ni John Dewey kung saan tinitingnan ang mag-aaral na may kakayanang matuto sa pamamagitan ng pag-uugat ng ideya sa kaniyang mga karanasan o experience, na nalilinang sa pakikipag-usap at pakikipagtulungan sa kapwa, sa loob ng paaralan at sa komunidad.

### **Teknolohikal**

Kinikilala rin ang malaking bahagi ng teknolohiya sa buhay ng bawat mag-aaral. Ang teorya ng **Digital Citizenship** ni Karen Mossberger, Caroline Tolbert at Ramona Mc Neal ay naglalayon na magkaroon ng pantay pantay na pagkakataon ang lahat sa mga oportunidad na dulot ng *internet* at *communication technology*, mapaunlad ang kakayahang teknolohikal at mailapat ang karapatang pantao at respeto sa paggamit ng *email*, *social media* at iba pang *websites*.

Ang **Cyber Wisdom Education** ni Polizzi at Harrison na tumutukoy sa paglalapat ng etika sa pakikisalamuha sa kapuwa gamit ang teknolohiyang hatid ng *internet*. Ito ay hinahalintulad sa konsepto ni Aristotle hinggil sa pratikal na virtue (*phronesis*) na kumikilala sa apat na salik; una, ang pagkilala sa pagkilos batay sa etika o moralidad sa anumang situwasyon; pangalawa, kakayahan na sumuri sa etikal na situwasyon sa pakikisalamuha sa kapuwa; pangatlo, gabay ito sa pakikisalamuha sa kapuwa gamit ang *internet*; at pamamahala sa emosyon na sangkot sa pakikisalamuha sa kapuwa.

Ang teorya ng **Technological Determinism** ni Thorstein Veblen ay naniniwala na ang teknolohiya ay isa sa mga nangunguna sa mga pagbabago ng lipunan. Ang anumang pagbabago sa ugnayan sa lipunan ay kontrolado ng teknolohiya, kaunlaran (*development*) nito, komunikasyon at midya. Ang makabagong panahon na nagpapahalaga sa impormasyon ay dulot ng mga makabagong imbensyon, teknolohiya at epekto nito sa panlipunan at politikal.

Malaki ang magiging impluwensya ng teoryang ito sa pagtuturo ng GMRC at VE sa mga paraalan sa tatlong kadahilanan-una, magiging patunay ito sa mga mag-aaral na ang pilosopiya sa likod ng pagtuturo ng asignatura ay maaaring madama sa lahat ng aspeto ng buhay kasama na rito ang pagbabagong dala ng teknolohiya; pangalawa,

magiging gabay ang prinsipyo ng etika, moralidad, at personalismo sa pakikisalamuha sa *online*, at magiging tuntungan ito ng mga gawain sa paglilinang ng pagpapahalaga at virtue.

## II. Istruktura ng Kurikulum

Makakamit ang tunguhin ng asignatura sa pamamagitan ng paggabay sa mga bata at kabataang Pilipino sa pag-unawa ng mga batayang konsepto at prinsipyo, paglinang, pagpapatatag, at pagsasabuhay ng wastong pag-uugali at pagkiling sa kabutihan. Kaugnay nito, ang lalo pang magpapabisa nang pagsasabuhay ay ang pagpapatupad at pagsasagawa ng *Whole School Approach (WSA)*. Layunin ng asignaturang ito na makabuo ng mga pasiyang etikal at moral, at matupad ang kanilang misyon sa buhay at gampanin sa lipunang Pilipino tungo sa pagtataguyod ng pamayanang pinaiiral ang katotohanan, kapayapaan, katarungan at pagmamahal. Makikita ang sumusunod na bahagi sa kurikulum:

- A. **Pamantayan sa Bawat Yugto (Key Stage Standards)** ay nagpapakita ng antas o kalidad ng kasanayan na kayang ipakita at isagawa ng mag-aaral sa bawat yugto
- B. **Pamantayan sa Bawat Baitang (Grade Level Standards)** ay tumutukoy ng antas o kalidad ng kasanayan na kayang ipakita at isagawa ng mag-aaral sa bawat baitang
- C. **Nilalaman (Content)** ay ang saklaw at pagkasunod-sunod ng mga paksa na inaasahang matutuhan at magiging batayan ng pagtuturo at pag-aaral
- D. **Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards)** tumutukoy sa mga kaalaman na inaasahang malaman at kayang gawin ng mga mag-aaral
- E. **Mga Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competencies)** ay nagsasaad sa tiyak na kasanayan na isinasagawa sa iba't ibang antas ng kasarinlan. Ito rin ay tumutukoy sa kakayahan na magawa ang mga gawain ayon sa mga pamantayan na inaasahan sa pamamagitan ng pagsasagawa at pagsasabuhay sa kaalaman, kasanayan, at mga pagpapahalaga.
- F. **Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards)** ay nagtatakda ng mga antas ng pagkatuto na inaasahang maisagawa at sinusukat ang antas ng pagsunod sa mga pamantayang pangnilalaman
- G. **Lilinating Pagpapahalaga (Values to be Developed)** tumutukoy sa proseso ng pagpapalawak, pagpapatibay, at pagpapaunlad ng mga pagpapahalagang moral at etikal sa isang indibidwal. Ito ay may kinalaman sa pagbuo ng tamang pag-uugali, mga moral na paniniwala, at pagpapasya batay sa mga prinsipyong nagbibigay-kahulugan sa kabutihan, katotohanan, katarungan, at respeto.

### III. Rationale at mga Impluwensiya sa Istruktura ng Kurikulum

#### A. Mga Pangunahing Kaisipan (Big Ideas)

Ang mga Pangunahing Kaisipan o *Big Ideas* sa GMRC at *Values Education* ay mga konseptong nakasaad sa RA 11476 at sa mga pagpapahalagang nilalayong maituro sa mga mag-aaral. Ito ang magsisilbing gabay sa mga bubuuing paksa sa bawat aralin sa bawat markahan.

- Ang **dignidad** ang pamantayan ng pagkapantay-pantay ng lahat ng tao at ng kanilang personal at panlipunang pakikipag-ugnayan.
- Ang **mapanagutang pagpapasiya** ay hinuhubog upang maging maingat, pag-isipang mabuti ang bawat gagawing desisyon at maihanda ang sarili na harapin ang mga kaakibat na gampanin o kalalabasan ng pasiya.
- Ang **pagkiling sa kabutihan** ay ang pagsasakilos at pagsasabuhay ng wastong pag-uugali. Ito ay nahuhubog sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kamalayan sa sarili, malalim na pag-unawa sa mabuti at tama at kalikasan ng tao, at pagninilay sa mga karanasan sa buhay.
- Ang **pagmamahal** bilang isang gawi ay walang kondisyong pag-aalay ng sarili sa kapuwa bilang kapuwa, bilang ikaw na bukod-tangi.
- Ang **pagmamahal sa Diyos** ay katangian ng tao bilang espirituwal na nilalang na naipakikita sa pagpapatibay ng pananampalataya, paglilingkod sa kapuwa at pagkiling sa kabutihan.
- Ang **pagmamahal sa pamilya** ay pagpapahayag ng mapagkalingang pakikipagkapuwa sa loob at labas ng pamilya bilang pundasyon ng bayan tulad ng pagtataguyod sa mga pangangailangan, paglinang ng mga pagpapahalaga ng bawat miyembro ng pamilya, at pangangalaga ng katatagan nito.
- Ang **pagmamahal sa kapuwa** ay ang pinakamataas na antas ng pakikipagkapuwa at pagpapakatao na naipakikita sa paglilingkod sa kapuwa.
- Ang **pagmamahal sa kalikasan** ay pagiging mabuting tagapangalaga at tagapamahala nito para sa susunod na henerasyon.
- Ang **pagmamalasakit sa kapaligiran** ay ang pakikiisa sa kaayusan at kalinisan tungo sa kagalingan at kalusugan ng bawat nilalang. (tao, halaman, hayop atbp.)
- Ang **pagmamahal sa bayan** ay ang pagsisikap na maisabuhay ang mga pagpapahalaga, sa pakikibahagi sa pag-angat ng kulturang Pilipino, pagbibigay-prayoridad sa mga interes na nagsasaalang-alang sa kabutihang panlahat at kaunlaran ng bayan.
- Ang **pakikiisa sa daigdig** ay ang indibiduwal at pangkatang pagsunod at pagtataguyod sa mga batas at polisiya na pinagkasunduan sa pagitan ng mga bansa na isinasaalang-alang ang kabutihang unibersal (hal. pagkakaisa para sa kalikasan, kapayapaan, katarungan).

- Ang **kabutihang panlahat** ay kabuoan ng mga panlipunang kondisyon na nagbibigay-daan sa mga tao o pangkat na makamit ang kanilang kaganapan nang makabuoan.

## B. Spiral Progression

Ang *Spiral Progression Approach* ay ang pagtuturo ng mga pangunahing konsepto sa mga mag-aaral sa unang baitang at pagpapalawak ng mga ito sa mga susunod na baitang. Ginagamit ito upang magkaroon ng pangunahing kaalaman na inaasahang lumalalim habang tumataas ang baitang. Ito ay ilalapat sa kurikulum upang makamit ng mga mag-aaral ang masteri ng mga kaalaman, pag-unawa, at kasanayan sa bawat baitang na inaasahang maisasakilos at maisasabuhay ng mga mag-aaral.

### 1. Vertical Articulation

Ang pagtiyak sa pagpapadaloy ng mga paksa at pagpapahalaga simula Baitang 1 hanggang Baitang 10 ay isinaalang-alang sa pagbuo ng kurikulum ng GMRC and VE. Ang *vertical articulation* ay naglalayong mailahad kung paanong ang lilinganging pagpapahalaga ay nailatag sa mga paksa sa bawat baitang. Inilatag ang mga paksa sa bawat baitang mula sa paglinang ng kabutihang-asal at virtue tungo sa mas mataas na pagpapahalaga.

	<b>Lilinganging Pagpapahalaga: Magalang</b>
Baitang 1	<i>Paksa:</i> Wastong Pakikipag-ugnayan sa Kapuwa <i>Kasanayang Pampagkatuto:</i> Naipakikita ang pagiging magalang sa pamamagitan ng wastong pagtugon sa mensahe ng kapuwa
Baitang 2	<i>Paksa:</i> Wastong Paggamit ng Teknolohiya at iba pang Paraan sa Pakikipagkapuwa <i>Kasanayang Pampagkatuto:</i> Naipakikita ang pagiging magalang sa pamamagitan ng wastong pagpapadala ng mensahe at pakikipag-usap sa kapuwa
Baitang 3	<i>Paksa:</i> Sariling Pagkilala sa mga Taong may Kapansanan o <i>Persons with Disability</i> (PWD)

	<i>Kasanayang Pampagkatuto:</i> Naipakikita ang pagiging magalang sa mga taong may kapansanan o <i>Persons with Disability (PWD)</i> sa pamamagitan ng wastong pakikipag-ugnayan
Baitang 4	<i>Paksa:</i> Sariling Tungkulin sa Pagkilala sa Karapatan ng Kapuwa-Bata <i>Kasanayang Pampagkatuto:</i> Naisasabuhay ang pagiging magalang sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga kampanya laban sa mga pambubulas o mga gawaing nakasakit sa kapuwa
Baitang 5	<i>Paksa:</i> Pakikipag-kapuwa sa mga Nakatatanda ( <i>Elders</i> ) <i>Kasanayang Pampagkatuto:</i> Naisasabuhay ang pagiging magalang sa pamamagitan ng wastong pakikitungo sa mga nakatatanda ( <i>elders</i> ) anuman ang kanilang estado sa buhay
Baitang 6	<i>Paksa:</i> Sariling Pakikipag-ugnayan sa mga Awtoridad sa Pamayanan <i>Kasanayang Pampagkatuto:</i> Naisasabuhay ang pagiging magalang sa pamamagitan ng pagkilala sa mga kapangyarihan at tungkulin ng mga awtoridad sa pamayanan
Baitang 7	<i>Paksa:</i> Dignidad ng Tao Bilang Batayan ng Paggalang sa Sarili, Pamilya, at Kapuwa <i>Kasanayang Pampagkatuto:</i> Naisasabuhay ang pagiging magalang sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga gawaing magpapabuti sa sarili, pamilya, at kapuwa
Baitang 8	<i>Paksa:</i> Positibong Pananaw sa Seksuwalidad ng Sarili at Kapuwa <i>Kasanayang Pampagkatuto:</i> Naisasabuhay ang pagiging magalang sa dignidad ng sarili at kapuwa sa pamamagitan ng panghihikayat sa mga kamag-aral na isabuhay ang positibong pananaw sa seksuwalidad
Baitang 9	<i>Paksa:</i> Pagtanggap sa Pagkakaiba-iba ng Kultura ng Kapuwa <i>Kasanayang Pampagkatuto:</i> Naisasabuhay ang pagiging magalang sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kultura ng kapuwa sa mga gawaing pampaaralan o pampamayanan

Baitang 10	<p><i>Paksa:</i> Pagtanggap sa Pagkakaiba-iba ng Kultura ng Iba't ibang Henerasyon</p> <p><i>Kasanayang Pampagkatuto:</i> Naisasabuhay ang pagiging magalang sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa mga mga gawi o paraan ng pamumuhay at kultura ng iba't ibang henerasyon</p>
------------	---

## 2. Horizontal Articulation

Ang mainam na pagsusuri at *mapping* ng mga nilalaman/paksa mula sa ibat ibang aralin o asignatura ay magtitiyak ng kaugnayan sa GMRC at VE, kung kaya ay mailalahad ang *horizontal articulation* nang malinaw at patas. Isinaalang-alang kung gaano kadalas at kung anong uri ng mga kasanayan, nilalaman, at mga mapagkukunan ang sinasaklaw sa iba't ibang mga paksa na may kaukulang panahon. Binigyang-pansin ang mga *pre-requisite* na konsepto na makakatulong upang walang mga *gaps* sa nilalaman at mga kasanayan na makapagpapanatili ng matibay na pagkatuto at pagsasabuhay ng mga gawi na laging may pagkiling sa kabutihan.

Mga *Pre-requisite* paksa mula sa ibang aralin

### Baitang 1 –Unang Markahan

Paksa sa GMRC	Paksa mula sa Ibang Aralin (learning area)	Baitang na Panggagalingan
Batayang Impormasyon	Nakikilala ang sarili- pangalan at apelyido; kasarian; gulang/kapanganakan	Kindergarten
Pagkakaroon ng Sariling Kaibigan	Nakapagbubuo ng pagkakaibigan	

**Baitang 4 – Ikalawang Markahan**

<b>Paksa sa GMRC</b>	<b>Ibang Aralin/ Asignatura</b>	<b>Paksa mula sa Ibang Aralin (learning area)</b>	<b>Baitang na Panggagalingan</b>
Pagpapaunlad ng Sariling Kakayahan, Talento at Hilig na may Paggabay ng Pamilya	Araling Panlipunan	Nailalarawan ang pisikal na katangian sa pamamagitan ng iba't ibang malikhaing pamamaraan  Natatalakay ang iba't-ibang uri ng sining na nagpapakilala sa sariling komunidad (ei. panitikan, musika, sayaw, isports atbp)	Baitang 1  Baitang 2

**Baitang 7 – Ikatlong Markahan**

<b>Paksa sa GMRC</b>	<b>Ibang Aralin/ Asignatura</b>	<b>Paksa mula sa Ibang Aralin (learning area)</b>	<b>Baitang na Panggagalingan</b>
Paggalang sa mga Kaugalian ng Kapuwa na Nakaugat sa Pananampalataya	Araling Panlipunan	B. Pagkakilanlang Kultural Uri ng mapang kakailanganin  1. relihiyon  2. panahanan  3. Katutubong Pamayanan (indigenous peoples/ Indigenous Cultural Community)	Baitang 4

		4.pangkat etnolingwistiko 5.Kaugalian, tradisyon, paniniwala 6. Pamanang Pook	
Impluwensiya ng Kasaysayan ng Bayan sa Pakikipagkapuwa	Araling Panlipunan	Ang mga Kwento ng Aking Rehiyon  1. Pinagmulan at mga Pagbabago  2. Makasaysayang pook at pangyayari sa Iba't Ibang Lalawigan 3. Simbolo ng mga Lalawigan  4. Mga Bayani ng mga Lalawigan	Baitang 3

### C. Paglilinang ng mga Kasanayan ng Ika-21 Siglo (21<sup>st</sup> Century Skills)

Bagamat nakatuon ang GMRC at Values Education sa paglilinang ng mga kagandahang-asal, wastong pag-uugali at mga pagpapahalaga, nakapaloob dito ang ilang mga kasanayan ng Ika-21 Siglo dahil ang mga Pamantayan sa Nilalaman at Pagganap, at mga Kasanayang Pampagkatuto ay nagtatampok at naglalakip ng mga kasanayan gaya ng:

1. **Kasanayang Pang-impormasyon, Midya at Teknolohiya** (*Information, Media, and Technology Skills*)  
Nakapaloob dito ang mga paksa na tumatalakay sa paggamit ng mga impormasyon ng mga mag-aaral upang magabayan sila sa kanilang mapanagutang pagpapasiya lalong lalo na sa pagpapasiya para sa kanilang karera o hinaharap.
  - **Media literacy**  
Pinapaunlad ang kasanayang ito sa kurikulum gamit ang mga paksa na naglalayong hubugin ang *netiquette*, mapanagutang paggamit ng *social media* at pag-unawa sa mga impormasyong makikita sa iba't ibang anyo ng midya.



Pinag-uusapan din ang epekto ng midya sa mga pagpapasiya ng mag-aaral hindi lang sa kanilang karera kundi pati na rin sa mga pang-araw-araw na buhay.

Halimbawa: *Mapanagutang Paggamit ng Social Media Bilang Mamamayan (Baitang 7)*

- **Digital literacy**

Ang kasanayang ito ay pinapaunlad sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga paksa na nagtatampok ng mapanagutang paggamit ng teknolohiya at kung paano ito ginagamit sa pakikipagkapuwa. Gayundin naman ang mga paksang pumapatungkol sa kaligtasan ng mag-aaral habang gumagamit ng teknolohiya at kung paano ito nakaaapekto sa kalikasan.

Halimbawa: *Wastong Paggamit ng Teknolohiya at iba pang Kagamitan Sa Pakikipagkapuwa (Baitang 2)*

## 2. Mga Kasanayan sa Pakikipagtalastasan (Communication Skills)

Malaki ang bahaging ginagampanan ng pakikipagtalastasan sa pagbuo at paglinang ng GMRC at Values Education. Kaya naman ang kasanayan sa pakikipagtalastasan ay nakapaloob sa gabay pangkurikulum ng GMRC at VE. Naririto ang mga kasanayan na tiyak na matatagpuan sa curriculum.

- **Teamwork.** Ang kasanayang ito ay matatagpuan sa lahat ng antas ng kurikulum sapagkat hinuhubog sa mga mag-aaral ang pakikiisa, maging mabuting tagasunod, at paggampanan sa mga naitalagang gawain.
- **Collaboration.** Mula sa mga gawaing pantahanan, pang-komunidad, at pagpapapalalim at pagpapatibay ng pananampalataya, ang kasanayang ito ay malilintang sa mga mag-aaral mula sa una hanggang ikasampung baitang. Sa kasanayang ito makikita ng mga mag-aaral na kailangan nilang magbahagi ng kanilang kakayahan sa ikatatagumpay ng mga proyektong kanilang sasalihan o aaniban.
- **Interpersonal Skills.** Ang mga mag-aaral ay mahahasa sa kasanayang ito sa mga paksang tatalakay sa pakikipagkapuwa at maglilintang sa virtue ng pakikipagkaibigan, paggalang at pagrespeto sa magulang, sa ibang tao, at maging sa pakikibahagi sa gawain sa kanilang paniniwala at pananampalataya. Matutunan nila ang kahalagahan ng mainam na pakikinig, pagkilala at pagtanggap sa nararamdaman at pinagdaraanang situwasyon sa buhay ng bawat isa.
- **Intrapersonal skills.** Mainam na malinang ito sa mga mag-aaral lalo't higit sa panahon ng pandemya sa kadahilang mas maraming panahon silang mag-isa. Sa kurikulum na ito ay matutulungan silang maproseso ang kasanayang ito sa pamamagitan ng mga paksa na may kaugnayan sa virtue ng pagpapahalaga at pagtitiwala sa sarili, pagpapaunlad ng sarili, mapanagutan, matalinong paghusga at iba pa. Ang kasanayang ito ay magbibigay kaunawaan sa kahalagahan ng pagtanggap sa mga emosyon na kanilang nararamdaman at paano ito mapangangasiwaan.

- **Interactive communication.** Isa ito sa kasanayan na itinuturo sa *GMRC at Values Education*. Ang batayang konsepto sa bawat aralin mula baitang 1 hanggang 10 ay inaasahang malalagom ng mga mag-aaral mula sa lunsaran, mga gawain, at sa pagsusuri nito batay sa konteksto mismo ng mga estudyante. Ito ay sa pamamagitan ng palitan ng ideya, karanasan, at saloobin (batay sa aralin o gawain) sa pagitan ng guro at mga estudyante, ang mga mag-aaral sa isa't-isa ay nararating ang inaasahang pagkatuto ng esensya ng aralin.
- **Non-verbal communication.** Ito ay kaugnay ng naunang kasanayan (*interactive communication*). Sa pagpapalitan ng mensahe ng guro sa kaniyang mga mag-aaral at mga estudyante sa isa't-isa ay kalakip nito ang hindi pasalitang komunikasyon. Sa mga interaksyong nabanggit ay natutuhan ng mga mag-aaral ang kahulugan hindi pasalitang sensyales (*cues or gestures*) na nagmumula sa kanilang guro at kaklase batay sa kaibhan o indibidwalidad nito (*nuances*). Ang mga konsepto ng GMRC at *Values Education* hinggil sa pakikisimpatiya at pagiging totoo (*sincere*) ay matutuhan ng mga bata kalakip ang kasanayan na ito.
- **Communicating in diverse environments.** Masasalamin sa mga aralin sa bagong curriculum ng *GMRC at Values Education* ang pagtanggap sa kapuwa sa patas at pantay na paraan sa kabila ng kaibhan nito sa paniniwala, uri ng pamilya, kakayahan, estado sa buhay at iba pang aspeto. Binibigyang diin ito sa mga kasanayang pampagkatuto (*Learning Competencies*) sa bawat markahan at baitang batay sa mga temang pagmamahal sa sarili, pamilya, kapuwa, bansa, at Diyos. Itinuturo sa asignaturang ito ang pamumuhay sa kabila ng mga pagkakaibang nabanggit at mga pamamaraan kung paano maipapakita ang mga pagpapahalaga at virtue sa pakikisalamuha sa kapuwa.

### 3. Mga Kasanayan sa Pagkatuto at Inobasyon (Learning and Innovation Skills Domain)

Mahalaga sa mga mag-aaral ang matamo ang mga kasanayang ito na magbibigay daan sa kanila upang tumugon sa mga hamon ng buhay at mga pagbabago. Kaugnay nito ay nakapaloob sa asignaturang GMRC and VE ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga.

- **Pagkamalikhain (Creativity).** Naipamamalas ng mag-aaral ang pagiging malikhain sa paggawa ng anumang proyekto o gawain na makatutulong at magsisilbing inspirasyon tungo sa pagsulong at pag-unlad ng bansa at daigdig. Bukod dito, nakapagsasanay ng mga alternatibo o opsyon sa paggamit ng mga lokal na kagamitan at mga kaukulang gamit nito.

Halimbawa: *Sariling Pamamahala sa mga Patapong Gamit –Teknolohikal (Baitang 5)*

- **Pagiging Bukas (Openness).** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mabuting pagtanggap ng anumang mungakahing o puna na makatutulong sa anumang gawain para sa ikabubuti nito. Ang pagpapahalaga sa pagkilala at

pagtanggap sa puna ng ibang tao sa mga hindi magandang gawa, kilos at gawi ng may katatagan ng loob at pagbabago ayon sa nararapat na resulta.

Halimbawa: *Mga Sariling Gampanin ng Bata sa Tahanan at Paaralan (Baitang 3)*

- **Mapanuring Pag-iisip (Critical Thinking).** Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng mapanuring pag-iisip sa pagpapahayag at pagganap ng anumang gawain na may kinalaman sa sarili pamilya, kapuwa, bayan at daigdig. Naisasagawa ang tamang desisyon nang may katatagan ng loob para sa ikabubuti ng lahat. Maging ang pagsasagawa nang may mapanuring pag-iisip sa tamang pamamaraan/ pamantayan upang matuklasan ang katotohanan.

Halimbawa: *Impluwensiya ng Kasaysayan ng Bayan sa Pakikipagkapwa (Baitang 7)*

- **Pagtugon sa Suliranin (Problem Solving).** Naisasagawa ng mag-aaral ang patugon sa mga hamon o problema sa ibat ibang pagkakataon. Halimbawa ay ang pagsusuri kung paano naiimpluwensyahan ng isang emosyon ang pagpapasiya sa isang situwasyon na may krisis, suliranin o pagkalito.

Halimbawa: *Wastong Pagpapahayag ng Saloobin sa Pamilya (Baitang 6)*

- **Pagninilay (Reflective Thinking).** Ang pagninilay ay isa sa anim na pangunahing kasanayan ng GMRC at VE. Naglalaan ang mga mag-aaral ng panahon para sa katahimikan upang balikan o pag-isipang mabuti ang kaniyang mga karanasan. Maaaring isulat ang mga reyalisasyon na halaw sa pagbabalik-tanaw na nakabuti o hindi nakabuti sa kanya at sa kaniyang kapuwa. Ang katapatan sa pagsusulat ng pagninilay sa isang journal ay makatutulong sa pagkilala ng mga pattern ng pag-iisip, pagdama, pagkilos, at pagpapasiya na makatutulong sa paglinang ng kamalayan sa sarili.

Halimbawa: *Pagninilay sa mga Isyu ng Bayan Bilang Bahagi ng Espirituwalidad (Baitang 7)*

#### 4. Mga Kasanayan sa Buhay at Karera (Life and Career Skills)

Ang *Good Manners and Right Conduct- Values Education (GMRC-VE) Curriculum* ay nagtataglay ng mga kasanayan sa buhay at karera (life and career skills) na naghahanda sa mga mag-aaral na gumawa ng mapanagutang pasya sa hinaharap. Ito ay naglalayong hubugin sila na maging mga mamamayang nakikibahagi sa komunidad at matagumpay na makaangkop upang mamuno sa pandaigdigang lakas ng trabaho. Ang mga kasanayang ito ay mahalaga upang ang ating mga mag-aaral ay maging aktibo at responsableng mamamayan na may hawak na makabuluhan at produktibong mga trabaho at negosyo. Ito ay makatutulong sa pagpapalago at kapakanan ng komunidad sa kabila ng kahirapan o anumang

situasyong kalalagyan nila sa hinaharap. Ang mga kasanayang ito ay mahalaga sa kanilang paghahanda at pagpapaplano sa kanilang buhay.

- **Matalinong Pagbuo ng Desisyon (*Informed Decision-making*).** Ito ay ang kakayahang gumawa ng mga desisyon batay sa pagsasaliksik, pagsangguni, at pagbabasa ng mga teksto at impormasyon bago ang pagbuo ng desisyon. Sa pamamagitan nito makapagtitimbang at makapagsusuri ang mag-aaral bago makahanap ng iba't ibang opsyon para sa kurso ng aksyon.

Halimbawa: *Mapanagutang Pagpapasiya ng Sarili Kasama ang Kapuwa (Baitang 6)*

- **Adaptive Leadership.** Ito ay ang kakayahan na mamuno upang makamit ang isang pasya at upang malutas ang mga salungatan at pag-angkop sa isang masalimuot at mabilis na pagbabago ng kapaliran. Isinasaalang-alang din sa kasanayang ito ang kabutihan panlahat, moral at batay sa etika. Napapaloob din dito ang kasanayang tumulong sa kapuwa, pagiging mabuting halimbawa at pagiging mabuting lider at tagasunod.

Halimbawa: *Pagbabayanihan ng kapuwa-bata Para sa Pamayanan (Baitang 2)*

- **Pag-unawa sa pagitan ng kultura (*Intercultural Understanding*).** Ang kasanayang ito ay nalilinig sa mag-aaral sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga gawaing pangkultura sa paaralan, pakikinig sa mga opinyon ng mga tao mula sa ibang kultura, paggalang sa iba't ibang paniniwala at tradisyon ng relihiyon, pagtulong sa isang kaklase na nagmula sa ibang komunidad na umangkop sa bagong kapaligiran at pagbabasa ng mga kasalukuyang kaganapan at editoryal tungkol sa ibang mga kultura. Sa pamamagitan nito, lumalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at ang paggalang sa kultura ng iba.

Halimbawa: *Pakikipag-ugnayan sa Kapuwa sa Kabila ng Nagtutunggaliang Paniniwala o Relihiyon (Baitang 8)*

- **Disiplina sa sarili (*Self-discipline*).** Ang disiplina sa sarili ay nakapaloob sa GMRC at *Values Education* na naglilinig nang wastong pangangalaga at pagpapahalaga sa buhay dahil malaki ang parte nito sa pagpapanatili ng malusog na isipan at pangangatawan ng mga mag-aaral.

Halimbawa: *Mga Kilos na Nagpapahalaga sa Sariling Buhay (Baitang 5)*

- **Future Orientation.** Ang *future orientation* ay nakapaloob sa GMRC at *Values Education* na naglilinig nang wastong kamalayan, sariling kasanayan, pagkakaroon ng komitment at kahandaan upang maging bahagi sa pagtugon sa

pangangailangan ng sarili at kapuwa para sa kinabukasan, pangangalaga at pagpapayaman ng kalikasan at pagpapatatag ng lipunan.

Halimbawa: *Pangangalaga sa Kapaligiran Tungo sa Malinis na Pamayanan (Baitang 1)*

- **Resilience and Adversity Management.** Ang *resilience and adversity management* ay nakapaloob sa GMRC at *Values Education* na naglilinang ng kahandaan ng mga mag-aaral sa pagharap sa mga panganib, mabawasan ang posibleng pagdurusa ng tao at makatulong sa kaligtasan ng kapuwa alinsunod sa mga alituntunin ng mga awtoridad.

Halimbawa: *Pansariling Pagtugon sa Panahon ng Kalamidad (Baitang 7)*

#### D. Mga Isyung Panlipunan at Mga Isinusulong ng Pamahalaan

Dahil umiinog sa apat na tema ang mga nilalaman ng bawat markahan, nakapaloob sa mga ito ang iba't ibang isyung panlipunan at ang mga isinusulong ng pamahalaan. Halimbawa sa unang tema na Pagmamahal sa Sarili, Pamilya at Kapuwa may mga paksa tungkol sa paggalang sa kapuwa o dignidad, pamilya at karera. Sa ikalawang tema na Pagmamahal sa Diyos, nakapaloob ang mga isyu ng paggalang sa pagkakaiba-iba ng mga paniniwala o pananampalataya at diyalogo na malaking usapin sa kasalukuyan. Sa ikatlong tema na Pagmamahal sa Kalikasan, nakapaloob ang mga isyung pangkalikasan, pangkapaligiran, gawain at adbokasiya na nauukol sa mga ito. Sa ikaapat na tema na Pagmamahal sa Bayan at Sanlibutan, nariyan ang mga isyung panlipunan na patriyotismo, mga makabagong bayani, pagiging mamamayan ng daigdig, kulturang Pilipino, at marami pang iba. Narito ang ilang piling paksa na may pagtalakay sa ilang isyung panlipunan:

Baitang	Paksa
2	Paggalang sa Iba't ibang Relihiyon o Paniniwala ng Kapuwa
4	Pagkakapantay- pantay ng Bawat Isa sa Kabila ng Pagkakaiba-iba
7	Pagninilay sa mga Isyu ng Bayan Bilang Bahagi ng Espirituwalidad
8	Pakikipag-ugnayan sa Kapuwa sa Kabila ng Nagtutunggaliang Paniniwala o Relihiyon
9	Pagtanggap sa Pagkakaiba-iba ng Kultura ng Kapuwa
10	Mga Isyung Kinahaharap ng mga Mamamayan ng Daigdig ( <i>Global Citizen</i> )

#### IV. Pedagoghiya

Sa pagpapadaloy ng aralin sa *GMRC* at *VE* mainam na magamit ang limang *pedagogical approaches* - ang konstruktibo (*constructivist*), kolaboratibo, (*collaborative*), integratibo (*integrative*), mapagnilay (*reflective*), at *inquiry-based* na tuwirang ginagamit din sa iba pang asignatura at ayon sa seksyon 5 (e) ng RA 10533. Mahalagang matuto ang mga mag-aaral ng pagsasalooob ng mga pagpapahalaga na naglalayong maunawaan ang mga batayang prinsipyo, ang kasanayang maisakilos ang mga prinsipyong ito sa pamamagitan ng pagpapasiyang kumilos ayon sa kabutihan.

Lilinangin ang anim na pangunahing kasanayan (*macro skills*) sa pamamagitan ng mga sumusunod na pedagogical approaches:

**a) *Values Inculcation***

Ito ay tumutukoy sa proseso ng pagtuturo o paglalagay ng moral o etikal na pagpapahalaga sa mga indibidwal. Nagpapakita ito ng pagsasaalang-alang sa pagsasagawa ng malinaw na pagtuturo at pagsasapuso ng mga tiyak na halaga, tulad ng katapatan, paggalang, empatiya, at responsibilidad, at pagpapahintulot sa mga indibidwal na maipalooob ang mga halagang ito sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang pagpapakalat ng mga halaga ay maaaring mangyari sa iba't ibang *setting*, kabilang ang pamilya, paaralan, institusyong panrelihiyon, at komunidad.

**b) *Values Clarification***

Layunin ng dulog na ito na matulungan ang mga indibidwal na matukoy at linawin ang kanilang mga paniniwala at halaga. Nakabatay ito sa paniniwala na ang mga halaga at paniniwala ng isang tao ay mahalaga sa pagtukoy ng kanilang mga gawi, paggawa ng desisyon, at mga pagpipilian sa buhay.

Ang proseso ng *values clarification* ay nagpapakita ng pagninilay sa mga personal na halaga at paniniwala ng isang tao, pagsusuri sa mga ito nang kritikal, at paggawa ng mga desiyon na naaayon sa kanila. Kabilang dito ang pagtuklas sa mahahalagang aspekto ng buhay ng isang tao, tulad ng pamilya, relasyon, trabaho, kalusugan, at espirituwalidad, at pagtukoy kung ano ang pinakamahalaga sa kanila. Ang tagapayo na gumagamit ng dulog na ito ay nagbibigay ng isang ligtas at hindi mapanghusga na kapaligiran para sa indibidwal na mas malinaw na maunawaan ang kanilang mga halaga at paniniwala. Maaari nilang gamitin ang iba't ibang pamamaraan tulad ng mga tanong na may malawak na pagtugon, pagganap ng papel at pagsusuri upang matulungan ang indibidwal na linawin ang kanilang mga halaga at matukoy ang anumang mga salungatan sa pagitan ng kanilang mga halaga at gawi.

**c) *Values Analysis***

Ang pag-aanalisa ng mga halaga ay maaaring gamitin ng mga indibidwal upang tiyakin na ang kanilang pag-uugali at mga desisyon ay naaayon sa kanilang pangunahing halaga (*core values*). Makatutulong ito na matukoy ang mga bahagi ng lakas

at kahinaan at magbigay ng balangkas para sa paggawa ng mga desisyon at pagkilos na naaayon sa mga pangunahing halaga. Ang *approach* na ito ay maaari ring magsulong ng kamalayan sa sarili at personal na paglago sa pamamagitan ng paghikayat sa mga indibidwal na pag-isipan ang kanilang mga halaga at gumawa ng mga mapagpipiliang desisyon na naaayon sa kanila.

**d) *Moral Development***

Ang pagpapaunlad ng moral ay itinuturing na isang paraan upang maunawaan kung paano pinaunlad ng mga indibidwal ang kanilang moral na pangangatwiran at mga kakayahan sa paggawa ng desisyon sa mga isyung etikal. Ang paraang ito ay nagbibigay ng isang balangkas para sa pag-unawa kung paanong ang mga indibidwal ay bumuo ng kanilang etikal na pangangatwiran at mga kakayahan sa paggawa ng desisyon.

Sa pangkalahatan, ang paraang ito ng pagpapaunlad ng moral ay isang kapaki-pakinabang na kasangkapan para sa mga indibidwal na naglalayong isulong ang etikal na pag-uugali at paggawa ng desisyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng balangkas para sa pagtukoy at pagtugon sa mga kakulangan sa moral na pangangatwiran.

**e) *Action Learning***

Ito ay itinuturing na isang paraan ng paglutas ng problema at pag-aaral. Naglalaman ito ng isang grupo ng mga indibidwal na nagtutulungan upang malutas ang mga tunay na problema o proyekto habang sabay-sabay na bumubuo ng mga bagong kasanayan at kaalaman. Binibigyang-diin dito ang pakikipagtulungan, pagninilay, at tuloy-tuloy na pag-aaral, at karaniwan itong mayroong ilang yugto, kabilang ang pagkilala sa isang tunay na problema, pagtukoy ng problema, pagbuo ng plano ng aksiyon, pagpapatupad ng plano, pagninilay sa proseso, at paglalapat ng natutuhan.

Sa edukasyon, ito ay ginagamit sa pagpapaunlad ng komunidad upang itaguyod ang karanasan sa pag-aaral at mapaghubog ang panlipunang pagbabago at transpormasyon.

Sa pangkalahatan, ang *action learning* ay isang kapaki-pakinabang na kasangkapan para sa mga indibidwal na naghahangad na bumuo ng mga bagong kasanayan at kaalaman, lutasin ang mga kumplikadong problema, at itaguyod ang pagbabago sa pamamagitan ng isang istruktural at kooperatibong paraan ng paglutas ng problema at pag-aaral.

**f) *Social and Emotional Learning (SEL)***

Ito ay isang paraan sa edukasyon at personal na pag-unlad na nakatuon sa pagtulong sa mga indibidwal na bumuo ng iba't ibang sosyal at emosyonal na kakayahan na kritikal sa tagumpay sa paaralan at sa buhay. Kasama sa mga kakayahan na ito ang kamalayan sa sarili, pamamahala sa sarili, kamalayan sa lipunan, mga kasanayan sa pakikipagrelasyon, at responsableng paggawa ng desisyon.

Ang layunin ng *SEL* ay tulungan ang mga indibidwal na bumuo ng mga kasanayan at saloobin na kinakailangan upang pamahalaan ang kanilang mga emosyon at pag-uugali, bumuo ng mga positibong relasyon sa iba, at gumawa ng mga responsableng desisyon sa iba't ibang konteksto.

Napatunayan sa pananaliksik na ang *SEL* ay maaaring magdulot ng positibong epekto sa pagganap sa akademiko, pag-uugali, at mga resulta ng kalusugan ng isip. Sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga mag-aaral sa pagbuo ng mahahalagang kakayahan sa lipunan at emosyonal, makatutulong ang *SEL* na lumikha ng isang positibo at inklusibong kultura ng paaralan, at ihanda ang mga mag-aaral.

**g) *Experiential Learning***

Ang *experiential learning* ay isang paraan na nakatuon sa pag-aaral sa pamamagitan ng karanasan o praktikal na pagsasanay sa halip na sa pamamagitan ng *passive* na pagtanggap ng impormasyon. Sa pamamaraang ito, ang mga mag-aaral ay nakikibahagi sa isang siklo ng pagmumuni-muni, pagkilos, at pagbibigay ng puna, gamit ang kanilang mga karanasan upang bumuo ng mga bagong kaalaman at kasanayan. Maaaring gamitin ang mga aktibidad tulad ng *role-playing*, mga simulasyon, at mga proyekto sa pag-aaral ng serbisyo upang itaguyod ang paglalayag sa mga halaga at pagpapaunlad ng sarili.

Ang *experiential learning* ay malawakang ginagamit sa larangan ng edukasyon upang mapabuti ang mga resulta ng pag-aaral upang itaguyod ang personal na pag-unlad.

**h) *Community of Inquiry***

Ang *Community of Inquiry (CoI)* ay isang paraan ng pagtuturo at pagkatuto na nagbibigay-diin sa pakikipagtulungan at kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pakikipag-usap at pagtatanong. Maaaring gamitin ito sa lahat ng antas ng pag-aaral.

Sa ganitong paraan, ang mga mag-aaral at guro ay nakikibahagi sa bukas at magalang na talakayan, kung saan sila ay sama-samang nagsasaliksik ng mga komplikadong paksa, nagtatanong, at nagbabahagi ng kanilang mga pananaw. Ang pamamaraang ito ay nagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, aktibong pag-aaral, at *social presence* na tumutulong sa mga mag-aaral na bumuo ng mga kasanayan sa *higher-order thinking* at nagtataguyod ng intelektuwal at personal na paglago.



Sa pagtuturo ng GMRC at VE maraming mga dulong, metodolohiya, at istratehiya ang maaaring gamitin upang mas maunawaan at maisabuhay ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan. Narito ang ilang halimbawa para sa bawat yugto:

<b>Bawat Yugto</b>	<b><i>Pedagogical Approaches</i></b>	<b><i>Estratehiya (Strategies)</i></b>	<b><i>Activities</i></b>
Unang Yugto (Baitang 1-3)	<ul style="list-style-type: none"> <li>● <i>values inculcation</i></li> <li>● <i>values clarification</i></li> <li>● <i>values analysis</i></li> <li>● <i>moral development</i></li> <li>● <i>social and emotional learning</i></li> <li>● <i>community of inquiry</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● <i>modeling</i></li> <li>● <i>storytelling</i></li> <li>● <i>discussions</i></li> <li>● <i>videos</i></li> <li>● <i>role-playing</i></li> <li>● <i>games</i></li> <li>● <i>picture books</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● <i>cooperative learning activities</i></li> <li>● <i>activities that encourage students to identify and reflect on different values</i></li> <li>● <i>activities that promote emotional awareness, empathy, and positive communication</i></li> </ul>
Ikalawang Yugto (Baitang 4-6)	<ul style="list-style-type: none"> <li>● <i>values inculcation</i></li> <li>● <i>values clarification</i></li> <li>● <i>values analysis</i></li> <li>● <i>moral development</i></li> <li>● <i>action learning</i></li> <li>● <i>social and emotional learning</i></li> <li>● <i>experiential learning</i></li> <li>● <i>project-based learning</i></li> <li>● <i>community of inquiry</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● <i>discussions</i></li> <li>● <i>debates</i></li> <li>● <i>reflective writing assignments</i></li> <li>● <i>critical thinking and analysis</i></li> <li>● <i>storytelling</i></li> <li>● <i>role-playing</i></li> <li>● <i>project-based learning</i></li> <li>● <i>service learning</i></li> <li>● <i>problem-based learning</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● <i>activities that encourage children to express their thoughts and feelings about various issues and topics</i></li> <li>● <i>plan and implement a service project</i></li> <li>● <i>activities that promote responsible decision-making, conflict resolution, and positive relationships</i></li> <li>● <i>collaborative learning activities</i></li> </ul>
Ikatlong Yugto (Baitang 7-10)	<ul style="list-style-type: none"> <li>● <i>values inculcation</i></li> <li>● <i>values clarification</i></li> <li>● <i>values analysis</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● <i>discussions</i></li> <li>● <i>debates</i></li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● <i>evaluation of ethical implications of certain values</i></li> </ul>

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
6. Pansariling Pagtugon sa Panahon ng Kalamidad	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad.	6. Nakapagsasanay sa kahandaan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng <i>emergency kit</i> o katumbas nito batay sa sariling kakayahan <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakakikilala ng mga wastong pagtugon sa panahon ng kalamidad</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad ay paraan upang mailigtas ang buhay, malinang ang kahandaan sa pagharap sa mga panganib, mabawasan ang posibleng pagdurusa ng tao at makatulong sa kaligtasan ng kapuwa alinsunod sa mga alituntunin ng awtoridad</li> <li>c. Nailalapat ang mga pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad upang malinang ang kahandaan.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Kahandaan (Preparedness)</b>	

**BAITANG 7****UNANG MARKAHAN: Pagtupad ng Tungkulin Gamit ang Isip at Kilos-loob Batay sa Dignidad**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
7. Pagtupad ng Sariling Tungkulin Bilang Mamamayan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan.	7. Nakapagsasanay sa pagiging mapanagutan sa pamamagitan ng panghihikayat sa iba na gampanan ang kanilang mga tungkulin bilang mamamayan <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakapagpapahayag ng mga paraan sa pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan ay pakikibahagi niya sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan para sa kapakinabangan ng mga mamamayan</li> <li>c. Nailalapat ang mga paraan ng pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan tulad ng paggalang sa mga karapatan ng kapuwa, pagsunod sa mga batas, pagiging mabuting pinuno, at tagasunod</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan sa pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan upang malinang ang pagiging mapanagutan.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapanagutan (Accountability)</b>	

**BAITANG 7**  
**IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Unang Paaralan ng Pagmamahal**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
1. Pamilyang Pilipino bilang Sandigan ng mga Pagpapahalaga	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pamilya bilang sandigan ng mga pagpapahalaga.	1. Nakapagsasanay sa maingat na paghusga sa pamamagitan ng palagiang pagsangguni sa mga magulang o tagapangalaga tungkol sa mga karanasan kaugnay ng mga natutuhang pagpapahalaga <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Natutukoy ang mga pagpapahalagang natutuhan sa pamilya na may impluwensiya sa kaniyang pagkatao</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang pamilya bilang sandigan ng mga pagpapahalaga ay may gampanin na hubugin ang mga anak sa mga pagpapahalaga</li> <li>c. Nailalapat ang mga natutuhang pagpapahalaga sa mga situwasyong kinakaharap</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga natutuhang pagpapahalaga sa mga situwasyong kinakaharap upang malinang ang maingat na paghuhusga	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Maingat na Paghuhusga (Prudence)</b>	



**BAITANG 7**  
**IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Unang Paaralan ng Pagmamahal**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
2. Pagtupad sa mga Tungkulin sa Pamilya	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtupad sa mga tungkulin sa pamilya.	2. Nakapagsasanay sa pagiging matiyaga sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga kahalagahan at kahihinatnan ng pagtupad sa sariling tungkulin sa pamilyang kinabibilangan <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Natutukoy ang mga tungkulin sa pamilya na nararapat tuparin</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang pagtupad sa mga tungkulin sa pamilya ay nakapaglilinang ng mga mabuting gawi, positibong pagtingin sa sarili, at nakapagpapatibay ng ugnayan sa pamilya</li> <li>c. Naisasakilos ang pagtupad sa mga tungkulin sa pamilyang kinabibilangan</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang pagtupad sa mga tungkulin sa pamilyang kinabibilangan bilang tanda ng pagiging matiyaga.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Matiyaga (Perseverance)</b>	

**BAITANG 7**  
**IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Unang Paaralan ng Pagmamahal**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
3. Pamilyang Pilipino Bilang Likas na Institusyon ng Pagmamahalan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pamilya bilang likas na institusyon ng pagmamahalan.	3. Nakapagsasanay sa pagiging mapagmahal sa pamamagitan ng palagiang paglingap sa kalagayan ng mga kasapi ng pamilya <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakakikilala sa pamilya bilang likas na institusyon ng pagmamahalan</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang pamilya bilang likas na institusyon ng pagmamahalan ay pundasyon ng lipunan na humuhubog sa pagkatao, mabubuting gawi at pakikipagkapuwa tungo sa makabuluhang buhay</li> <li>c. Naisasakilos ang wastong paraan ng pagmamahal sa mga kasapi ng pamilya</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang wastong paraan ng pagmamahal sa mga kasapi ng pamilya bilang tanda ng pagiging mapagmahal.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapagmahal (Loving)</b>	

**BAITANG 7**  
**IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Unang Paaralan ng Pagmamahal**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
4. Sama-samang Pananalangin ng Pamilya	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sama-samang pananalangin ng pamilya.	4. Naisasabuhay ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng kusang paghihikayat sa sama-samang pananalangin ng pamilya sa anumang situwasyon <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Natutukoy ang kahalagahan ng sama-samang pananalangin ng pamilya</li> <li>b. Nahihinuha na ang sama-samang pananalangin ng pamilya ay nakatutulong sa pagpapatatag ng pananampalataya at ugnayan ng mga kasapi nito</li> <li>c. Naisasakilos ang sariling paraan ng pakikibahagi sa sama-samang pananalangin ng pamilya</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang sariling paraan ng pakikibahagi sa sama-samang pananalangin ng pamilya upang malinang ang pagiging madasalin.	
<b>Lilinangang Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Madasalin (Prayerful)</b>	

**BAITANG 7**  
**IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Unang Paaralan ng Pagmamahal**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
5. Paghubog ng Konsensiya Gabay ang Pananampalataya ng Pamilya	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa paghubog ng konsensiya gabay ang pananampalataya ng pamilya.	5. Nakapagsasanay sa maingat na paghusga sa pamamagitan ng pagninilay at pagsangguni sa mga taong may alam tungkol sa moral na pamumuhay <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakakikilala ng mga paraan ng paghubog ng konsensiya gabay ang pananampalataya ng pamilya</li> <li>b. Nahihinuha na ang paghubog ng konsensiya gabay ang pananampalataya ng pamilya ay makatutulong sa paggabay ng isip sa pagkilatis ng kabutihan o kasamaan ng kilos batay sa likas na batas moral upang matiyak ang palagiang pagkiling sa kabutihan</li> <li>c. Naisasakilos ang gawain na nagpapakita ng paghubog ng konsensiya gabay ang pananampalataya ng pamilya</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang paghubog ng konsensiya gabay ang pananampalataya ng pamilya upang malinang ang maingat na paghuhusga.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Maingat na paghuhusga (Prudence)</b>	

**BAITANG 7**  
**IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Unang Paaralan ng Pagmamahal**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
6. Pagtugon ng Pamilya sa Pagbabago ng Klima ( <i>Climate Change</i> )	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtugon ng pamilya sa pagbabago ng klima ( <i>climate change</i> ).	6. Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga gawaing pampamilya ng wastong pagtugon sa pagbabago ng klima ( <i>climate change</i> )  a. Naipahahayag ang mga wastong pagtugon ng pamilya sa pagbabago ng klima ( <i>climate change</i> ) b. Naipaliliwanag na ang pagtugon ng pamilya sa pagbabago ng klima ( <i>climate change</i> ) ay pagtupad sa mga tungkulin nitong makiisa sa mga pandaigdigang gawain upang wastong mapamahalaan ang mga epekto nito sa kapaligiran c. Naisasakilos ang mga sariling paraan ng wastong pagtugon ng pamilyang kinabibilangan sa pagbabago ng klima ( <i>climate change</i> )
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling paraan ng wastong pagtugon ng pamilyang kinabibilangan sa pagbabago ng klima ( <i>climate change</i> ) bilang tanda ng pagiging mapagmalasakit.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapagmalasakit (Concerned)</b>	

**BAITANG 7**  
**IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Unang Paaralan ng Pagmamahal**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
7. Mga Tungkulin ng Pamilya sa Bayan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga tungkulin ng pamilya sa bayan.	7. Nakapagsasanay sa nasyonalismo sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng kahalagahan ng mga pambansang pagdiriwang at kontribusyon ng mga bayani, paglalagay ng watawat at mga pambansang simbolo na naaayon sa batas <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Natutukoy ang mga paraan ng pamilyang kinabibilangan sa pagtupad ng tungkulin nito sa bayan</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang mga tungkulin ng pamilya sa bayan ay paraan upang magbigay ng kontribusyon sa kabutihan, katiwasayan, kapayapaan at kaunlaran ng pamayanan na magiging matibay na pundasyon ng lipunang Pilipino</li> <li>c. Naisasakilos ang sariling paraan bilang bahagi ng pagtupad sa tungkulin ng pamilyang kinabibilangan sa bayan</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang sariling paraan bilang bahagi ng pagtupad sa tungkulin ng pamilyang kinabibilangan sa bayan bilang tanda ang nasyonalismo.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Nasyonallismo (Nationalism)</b>	

**BAITANG 7****IKATLONG MARKAHAN: Kapuwa Bilang Katuwang sa Pagtupad ng mga Tungkulin**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
1. Pagtuklas at Pagpapaunlad ng Sariling Talento at Hilig Kaagapay ang Kapuwa	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtuklas at pagpapaunlad ng sariling talento at hilig kaagapay ang kapuwa.	1. Nakapagsasanay sa tiwala sa sarili sa pamamagitan ng palagiang pagkilos ng mga paraan na tutugon sa kaniyang layunin sa pagpapaunlad ng talento at hilig <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Natutukoy ang mga sariling talento at hilig kaagapay ang kapuwa</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang pagtuklas at pagpapaunlad ng sariling talento at hilig kaagapay ang kapuwa ay nakatutulong sa pagtupad sa mga tungkulin, pagbuo ng pananaw sa ninanais na propesyon (kursong akademiko, teknikal-bokasyonal, sining at isports, negosyo o hanapbuhay), at paglilingkod sa kapuwa ayon sa kaniyang kakayahan</li> <li>c. Naisasakilos ang pagpapaunlad ng mga sariling talento at hilig kaagapay ang kapuwa</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang pagpapaunlad ng mga sariling talento at hilig kaagapay ang kapuwa bilang tanda ng tiwala sa sarili.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Tiwala sa Sarili (Self-confidence)</b>	

**BAITANG 7****IKATLONG MARKAHAN: Kapuwa Bilang Katuwang sa Pagtupad ng mga Tungkulin**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
2. Pagpapatawad at Pakikipagkasundo sa Kapuwa	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapatawad at pakikipagkasundo sa kapuwa.	2. Nakapagsasanay sa pagiging mapagpakumbaba sa pamamagitan ng sariling kilos ng pagpapatawad at pakikipagkasundo sa kapuwa <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Natutukoy ang mga kilos na nagpapakita ng pagpapatawad at pakikipagkasundo sa kapuwa</li> <li>b. Nahihinuha na ang pagpapatawad at pakikipagkasundo sa kapuwa ay nakatutulong sa pagbuo ng sarili at nasirang ugnayan sa pamilya at kapuwa kung isinasagawa nang may kababaang-loob</li> <li>c. Nailalapat ang mga sariling kilos ng pagpapatawad at pakikipagkasundo sa kapuwa</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling kilos ng pagpapatawad at pakikipagkasundo sa kapuwa upang malinang ang pagiging mapagpakumbaba.	
<b>Lilinangang Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapagkumbaba (Humility)</b>	



**BAITANG 7****IKATLONG MARKAHAN: Kapuwa Bilang Katuwang sa Pagtupad ng mga Tungkulin**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
3. Pakikipagkaibigan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pakikipagkaibigan.	<p>3. Nakapagsasanay sa pagiging matapat sa pamamagitan ng maayos na pakikipag-ugnayan at bukas na komunikasyon sa kapuwa</p> <p>a. Natutukoy ang mga positibong dulot ng mabuting pakikipagkaibigan</p> <p>b. Nahihinuha na ang pakikipagkaibigan ay nakatutulong sa paghubog ng matatag na sariling pagkakakilanlan, pagpapaunlad ng pagkatao, at mapayapang pakikipag-ugnayan sa kapuwa dahil nabuo ito sa kagustuhang makipag-ugnayan bunga ng pagmamahal</p> <p>c. Naisasakilos ang mga paraan sa pagpapatatag ng pakikipagkaibigan</p>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan sa pagpapatatag ng pakikipagkaibigan bilang tanda ng pagiging matapat.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b><i>Matapat (Honest)</i></b>	

**BAITANG 7****IKATLONG MARKAHAN: Kapuwa Bilang Katuwang sa Pagtupad ng mga Tungkulin**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
4. Paggalang sa mga Kaugalian ng Kapuwa na Nakaugat sa Pananampalataya	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa paggalang sa mga kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya.	4. Nakapagsasanay sa pagiging magalang sa pamamagitan ng pagiging sensitibo sa oras at gawain ng kapuwa na kabilang sa ibang pananampalataya <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Natutukoy ang iba't ibang kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang paggalang sa iba't ibang kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya ay nakatutulong sa pagpapanatili ng mapayapang ugnayan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng sistema ng paniniwala</li> <li>c. Naisasakilos ang wastong pagtugon sa mga kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang wastong pagtugon sa mga kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya bilang tanda ng pagiging magalang.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b><i>Magalang (Respect)</i></b>	

**BAITANG 7****IKATLONG MARKAHAN: Kapuwa Bilang Katuwang sa Pagtupad ng mga Tungkulin**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
5. Paglilingkod sa Kapuwa Bilang Indikasyon ng Pananampalataya	Natututuhan ng mag-aaral ang paglilingkod sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya.	5. Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa kapuwa sa pamamagitan ng paglalaan ng bahagi ng anumang halaga, gamit, oras o kasanayan para sa kapuwa batay sa kaniyang kakayahan  a. Nailalarawan ang mga paraan ng paglilingkod sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya b. Naipaliliwanag na ang paglilingkod sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya ay pinagmumulan ng pagkukusang gumawa ng kabutihan lalo na sa mahihirap, mahihina, at nasa laylayan ng lipunan ayon sa sariling kakayahan c. Nailalapat ang paglilingkod sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang paglilingkod sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya upang malinang ang pagiging mapagmalasakit.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapagmalasakit (Compassion)</b>	

**BAITANG 7****IKATLONG MARKAHAN: Kapuwa Bilang Katuwang sa Pagtupad ng mga Tungkulin**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
6. Wastong Paggamit ng Tubig at Enerhiya Katuwang ang Kapuwa	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa wastong paggamit ng tubig at enerhiya katuwang ang kapuwa.	6. Naisasabuhay ang pagiging matipid sa pamamagitan ng panghihikayat sa kapuwa na pahalagahan ang tubig at enerhiya sa lahat ng oras <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakapagpapahayag ng mga wastong paraan ng paggamit ng tubig at enerhiya katuwang ang kapuwa</li> <li>b. Nahihinuha na ang wastong paggamit ng tubig at enerhiya katuwang ang kapuwa ay paggampan sa tungkuling tumulong sa pagtitiyak at pagpapanatili ng mga ito</li> <li>c. Naisasakilos ang mga wastong paraan ng paggamit ng tubig at enerhiya katuwang ang kapuwa</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong paraan ng paggamit ng tubig at enerhiya katuwang ang kapuwa upang malinang ang pagiging matipid.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b><i>Matipid (Thrifty)</i></b>	

**BAITANG 7****IKATLONG MARKAHAN: Kapuwa Bilang Katuwang sa Pagtupad ng mga Tungkulin**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
7. Pakikipagkapuwa Batay sa Impluwensiya ng Kasaysayan ng Bayan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa impluwensiya ng kasaysayan ng bayan sa pakikipagkapuwa.	7. Nakapagsasanay sa maingat na paghusga sa pamamagitan ng pagbibigay- kahulugan sa mga ugnayang nahinuha sa kasaysayan at kasalukuyang panahon batay sa mga mapagkakatiwalaang datos o impormasyon  a. Nailalarawan ang impluwensiya ng kasaysayan ng bansa sa pakikipagkapuwa b. Napatutunayan na ang impluwensiya ng kasaysayan ng bayan sa pakikipagkapuwa ay nagbukas ng kamalayan sa mga ugnayang lumilalang ng mabuting pagka-Pilipino na magsisilbing batayan sa pagharap sa mga isyu ng bayan c. Naisasakatuparan ang mga kilos na nagpapahalaga sa impluwensiya ng kasaysayan ng bansa sa pakikipagkapuwa
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga kilos na nagpapahalaga sa impluwensiya ng kasaysayan ng bayan sa pakikipagkapuwa upang malinang ang maingat na paghuhusga.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b><i>Maingat na Paghuhusga (Prudence)</i></b>	

**BAITANG 7****IKAAPAT NA MARKAHAN: Pamayanan Bilang Lunsaran ng Pagpapakatao**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
1. Pagpapaunlad ng Sarili Batay sa Katangian ng Pagpapakatao para sa Bayan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapaunlad ng sarili batay sa katangian ng pagpapakatao para sa bayan.	<p>1. Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pakikisangkot sa mga gawaing nagpapabuti sa kalagayan ng mga mamamayan ayon sa kaniyang kakayahan</p> <p>a. Nakakikilala ng katangian ng pagpapakatao</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang pagpapaunlad ng sarili batay sa katangian ng pagpapakatao para sa bayan ay makatutulong sa paggampan sa kaniyang mga tungkulin para sa pagtupad ng kaniyang misyon sa buhay na maglingkod</p> <p>c. Nailalapat ang katangian ng pagpapakatao sa pagtupad ng kaniyang mga tungkulin</p>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang katangian ng pagpapakatao sa pagtupad ng kaniyang mga tungkulin upang malinang ang pagiging mapagmalasakit.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapagmalasakit (Compassion)</b>	

**BAITANG 7****IKAAPAT NA MARKAHAN: Pamayanan Bilang Lunsaran ng Pagpapakatao**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
2. Pamilya Bilang Gabay sa Pagpili ng mga Mabuting Pinuno ng Komunidad at ng Bayan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pamilya bilang gabay sa pagpili ng mga mabuting pinuno sa komunidad at bayan.	<p>2. Nakapagsasanay sa karunungan sa pamamagitan ng pagtitimbang-timbang sa mga kahihinatnan ng mga pasiya mula sa pagkilatis sa mga katangian ng mga pinuno</p> <p>a. Nailalarawan ang gampanin ng pamilya bilang gabay sa pagpili ng mga mabuting pinuno sa komunidad at bayan</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang pamilya bilang gabay sa pagpili ng mga mabuting pinuno sa komunidad at bayan ay sandigan ng mga matibay at wastong batayan sa pagkilatis o pag-alam sa mga mabuting katangian ng lider na maglilingkod sa bayan</p> <p>c. Naisasakilos ang wastong pagkilatis sa mga pinuno na may mga mabuting katangian ayon sa gabay ng pamilya</p>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang wastong pagkilatis sa mga pinuno na may mga mabuting katangian ayon sa gabay ng pamilya upang malinang ang karunungan.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b><i>Karunungan (Wisdom)</i></b>	

**BAITANG 7****IKAAPAT NA MARKAHAN: Pamayanan Bilang Lunsaran ng Pagpapakatao**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
3. Mapanagutang Paggamit ng <i>Social Media</i> Bilang Mamamayan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mapanagutang paggamit ng <i>social media</i> bilang mamamayan.	3. Nakapagsasanay sa disiplina sa pamamagitan ng pag-iingat sa mga inilalagay sa sariling <i>social media</i> at mensahe sa iba <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakakikilala ng mga paraan ng mapanagutang paggamit ng <i>social media</i> bilang mamamayan</li> <li>b. Napatutunayan na ang mapanagutang paggamit ng <i>social media</i> bilang mamamayan ay paraan upang magkaroon ng mabuting pakikipag-ugnayan sa kapuwa at katiwasayan ng bayan</li> <li>c. Naisasakilos ang mga paraan ng mapanagutang paggamit ng <i>social media</i> bilang mamamayan</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng mapanagutang paggamit ng <i>social media</i> bilang mamamayan upang malinang ang disiplina.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Disiplina (Discipline)</b>	



**BAITANG 7****IKAAPAT NA MARKAHAN: Pamayanan Bilang Lunsaran ng Pagpapakatao**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
4. Papel ng Espirituwalidad sa Pagiging Mabuting Mamamayan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa papel ng espirituwalidad sa pagiging mabuting mamamayan.	4. Nakapagsasanay sa pagiging mapanagutan sa pamamagitan ng pagtitiyak sa kabutihan at saysay ng mga gawain para sa bayan <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakapag-uugnay sa papel ng espirituwalidad sa pagiging mabuting mamamayan</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang papel ng espirituwalidad sa pagiging mabuting mamamayan ay nakatutulong sa pagganap ng kaniyang tungkulin sa bayan nang mapanagutan bilang indikasyon ng pag-unawa sa dahilan ng kaniyang pag-iral</li> <li>c. Naisasakilos ang mga paraan sa pagganap ng kaniyang tungkulin sa pamayanan na ginagabayan ng espirituwalidad</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan sa pagganap ng kaniyang tungkulin sa pamayanan na ginagabayan ng espirituwalidad upang malinang ang pagiging mapanagutan.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapanagutan (Accountability)</b>	

**BAITANG 7****IKAAPAT NA MARKAHAN: Pamayanan Bilang Lunsaran ng Pagpapakatao**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
5. Pagninilay sa mga Isyu ng Bayan Bilang Bahagi ng Espirituwalidad	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagninilay sa mga isyu ng bayan bilang bahagi ng espirituwalidad.	5. Nakapagsasanay sa pagiging matiyaga sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga bagong natuklasan at epekto nito sa sariling pagpapasiya at kilos bilang bahagi ng pagninilay <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakapagpapahayag ng mga reyalisasyon (<i>insight</i>) mula sa pagninilay sa mga isyu ng bayan</li> <li>b. Napatutunayan na ang pagninilay sa mga isyu ng bayan bilang bahagi ng espirituwalidad ay kailangan upang mabigyan ng wastong kahulugan ang mga pangyayari sa paligid na magiging batayan ng kaniyang pagpapasiya at pakikisangkot ayon sa sariling kakayahan</li> <li>c. Naisasakilos ang pagninilay sa mga isyu ng bayan bilang bahagi ng espirituwalidad</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang pagninilay sa mga isyu ng bayan bilang bahagi ng espirituwalidad upang malinang ang pagiging matiyaga.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Matiyaga (Perseverance)</b>	

**BAITANG 7****IKAAPAT NA MARKAHAN: Pamayanan Bilang Lunsaran ng Pagpapakatao**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
6. Pagpapanatili ng Panahanan ( <i>Habitat</i> ) ng mga Hayop sa Pamayanan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapanatili ng panahanan ( <i>habitat</i> ) ng mga hayop sa pamayanan.	6. Nakapagsasanay sa pagiging mabuting katiwala sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng wastong paraan sa pagpapanatili ng panahanan ( <i>habitat</i> ) ng mga hayop sa pamayanan <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Naiisa-isa ang mga paraan ng pagpapanatili ng panahanan (<i>habitat</i>) ng mga hayop sa pamayanan</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang pagpapanatili ng panahanan (<i>habitat</i>) ng mga hayop sa pamayanan ay lilikha ng balanse sa kalikasan o <i>biodiversity</i> upang mamuhay nang ligtas at mapayapa bilang bahagi ng tungkulin ng bawat mamamayan</li> <li>c. Nakapaglalatap ng mga hakbang upang mapanatili ang mga panahanan (<i>habitat</i>) ng mga hayop sa pamayanan</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga hakbang upang maiangat ang kamalayan sa mga panahanan ( <i>habitat</i> ) ng mga hayop sa pamayanan upang mapanatili ang pagiging mabuting katiwala.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mabuting katiwala (<i>Good stewardship</i>)</b>	

**BAITANG 7****IKAAPAT NA MARKAHAN: Pamayanan Bilang Lunsaran ng Pagpapakatao**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
7. Glokalisasyon Bilang Tugon sa mga Suliranin ng Bayan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa glokalisasyon bilang tugon sa mga suliranin ng bayan.	7. Nakapagsasanay sa pagiging malikhain sa pamamagitan ng pagiging sensitibo sa mga maliliit na suliranin sa pamayanan upang mabigyan ng solusyon gamit ang glokalisasyon ayon sa kaniyang kakayahan <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakakikilala ng kabutihan ng glokalisasyon bilang tugon sa suliranin ng bayan</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang glokalisasyon bilang tugon sa mga suliranin ng bayan ay pakikibahagi sa pamayanan gamit ang malikhaing paraan at inspirasyon mula sa ibang bansa tungo sa paglinang ng pambansang pagkakakilanlan</li> <li>c. Nakalilikha ng produkto o serbisyo na tumutugon sa pangangailangan ng pamayanang kinabibilangan alinsunod sa glokalisasyon</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang produkto o serbisyo na tumutugon sa pangangailangan ng pamayanang kinabibilangan alinsunod sa glokalisasyon upang malinang ang ma-inobasyon na pagiging malikhain.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Malikhain (Creativity)</b>	

**BAITANG 8****UNANG MARKAHAN: Paglinang ng Sarili Para sa Pamilya at Kapuwa**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
1. Kamalayan sa mga Emosyong Nararamdaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga emosyong nararamdaman.	1. Nakapagsasanay sa maingat na paghusga sa pamamagitan ng pagninilay sa kamalayan sa mga emosyong nararamdaman, kilos, pag-iisip, at reaksiyon ng katawan <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Naiisa-isa ang mga indikasyon ng pagkakaroon ng kamalayan sa mga emosyong nararamdaman</li> <li>b. Napatutunayan na ang emosyong nararamdaman ay nakatutulong upang lubos na makilala ang sarili at makatugon nang wasto sa mga nararamdaman sa bawat situwasyon tungo sa pagpapaunlad ng sarili at ugnayan sa kapuwa</li> <li>c. Naipakikita ang pagkilala sa mga emosyong nararamdaman</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang pagkilala sa mga emosyong nararamdaman upang malinang ang maingat na paghusga.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b><i>Maingat na paghusga (Prudence)</i></b>	

**BAITANG 8****UNANG MARKAHAN: Paglinang ng Sarili Para sa Pamilya at Kapuwa**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
2. Positibong Pananaw Gabay ang Pamilya	Natututuhan ng mag-aaral ang positibong pananaw gabay ang pamilya.	<p>2. Nakapagsasanay sa pagiging matatag sa pamamagitan ng mga gawaing nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga positibong pananaw gabay ang pamilya</p> <p>a. Nailalarawan ang positibong pananaw gabay ang pamilya</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang positibong pananaw gabay ang pamilya ay may impluwensiya sa kalusugang pangkaisipan at pangkatawan, na nagsisilbing kanlungan sa lahat ng panahon at ito ang naglilalang ng katatagan</p> <p>c. Naisasakilos ang mga gawain na nagpapahalaga sa mga positibong pananaw gabay ang pamilya</p>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga pagkilos na nagpapahalaga sa mga positibong pananaw gabay ang pamilya upang malinang ang pagiging matatag.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Matatag (Resilience)</b>	

**BAITANG 8****UNANG MARKAHAN: Paglinang ng Sarili Para sa Pamilya at Kapuwa**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
3. Pakikipagkapuwa- tao	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pakikipagkapuwa-tao.	<p>3. Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pagiging sensitibo at wastong pagtugon sa pangangailangan ng kapuwa</p> <p>a. Nailalarawan ang mga paraan ng pakikipagkapuwa bilang isang kabataan</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang pakikipagkapuwa-tao ay nakaugat sa kalikasan ng tao bilang panlipunang nilalang at naglilinang ng kaniyang kaganapan bilang tao sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapuwa na indikasyon ng pagmamahal</p> <p>c. Nailalapat ang mga paraan ng pakikipagkapuwa bilang isang kabataan</p>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pakikipagkapuwa upang malinang ang pagiging mapagmalasakit.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b><i>Mapagmalasakit (Compassion)</i></b>	

**BAITANG 8****UNANG MARKAHAN: Paglinang ng Sarili Para sa Pamilya at Kapuw**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
4. Pananampalataya Bilang Gabay sa Pag-iingat sa Sarili	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pananampalataya bilang gabay sa pag-iingat sa sarili.	4. Nakapagsasanay sa paggalang sa buhay sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga gawain at ugnayan na nakasasama sa katawan <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Natutukoy ang mga paraan ng pag-iingat sa sarili gabay ang pananampalataya</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang pananampalataya bilang gabay sa pag-iingat sa sarili ay pagpapanatili ng ugnayan sa Diyos at pagtiyak upang lubos na mapahalagahan ang buhay at makamit ang layunin ng kaniyang pagkalikha</li> <li>c. Naisasakilos ang mga paraan ng pag-iingat sa sarili gabay ang pananampalataya</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pag-iingat sa sarili gabay ang pananampalataya upang malinang ang paggalang sa buhay.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Paggalang sa buhay (Respect for life)</b>	



**BAITANG 8****UNANG MARKAHAN: Paglinang ng Sarili Para sa Pamilya at Kapuwa**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
5. Mga Sariling Paraan ng Pagdakila sa Diyos	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga sariling paraan ng pagdakila sa Diyos.	<p>5. Nakapagsasanay sa pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga papuri at kabutihan ng Diyos batay sa relihiyon o paniniwalang kinabibilangan</p> <p>a. Naiisa-isa ang mga sariling paraan ng pagdakila sa Diyos</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang mga sariling paraan ng pagdakila sa Diyos ay pagkilala sa Kaniya at pagpapasalamat sa lahat ng mga biyayang tinatamasa</p> <p>c. Nakapaglalatap ng mga sariling paraan ng pagdakila sa Diyos batay sa relihiyon o paniniwalang kinabibilangan</p>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling paraan ng pagdakila sa Diyos batay sa relihiyon o paniniwalang kinabibilangan upang malinang ang pagiging mapagpasalamat.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapagpasalamat (Gratitude)</b>	

**BAITANG 8****UNANG MARKAHAN: Paglinang ng Sarili Para sa Pamilya at Kapuwa**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
6. Pamumuhay ng Payak Bilang Pansariling Pag-iingat sa Kalikasan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pamumuhay nang payak bilang pansariling pag-iingat sa kalikasan.	6. Nakapagsasanay ng kapayakan sa pamamagitan ng pagbibigay-prioridad sa mga pangangailangan kaysa sa kagustuhan  a. Nakapagpapahayag ng mga paraan ng payak na pamumuhay bilang pansariling pag-iingat sa kalikasan b. Nahihinuha na ang payak na pamumuhay at wastong pagkunsumo ay kailangan bilang pakikiisa ng tao sa pag-iingat sa kalikasan c. Naisasakilos ang mga paraan ng payak na pamumuhay bilang pansariling pag-iingat sa kalikasan
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pamumuhay bilang pansariling pag-iingat sa kalikasan upang malinang ang kapayakan.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Kapayakan (Simplicity)</b>	

**BAITANG 8****UNANG MARKAHAN: Paglinang ng Sarili Para sa Pamilya at Kapuwa**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
7. Sariling Pag-iimpok at Pagtitipid Upang Makatulong sa Pamayanan	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan.	<p>7. Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pakikisangkot sa mga gawaing nagtatampok ng pagtitipid at pag-iimpok upang makatulong sa pamayanan (hal. pagbibigay ng mga lata, bote, pahayagan na maaaring ibenta)</p> <p>a. Naiisa-isa ang mga paraan ng sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ayon sa kakayahan</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ay aktibong pakikibahagi sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga mamamayan at pagtugon sa kanilang mga pangangailangan</p> <p>c. Nailalapat ang mga paraan ng sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ayon sa kakayahan</p>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ayon sa kakayahan upang malinang ang pagiging mapagmalasakit.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapagmalasakit (Compassion)</b>	

**BAITANG 8****IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Daluyan ng Edukasyon Tungo sa Paglinang ng Pagpapahalaga**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
1. Tungkulin ng Pamilya sa Edukasyon ng Bata	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa tungkulin ng pamilya sa edukasyon ng bata.	<p>1. Nakapagsasanay sa pagiging masipag sa pamamagitan ng paggawa hanggang matapos ang mga itinakdang gawain sa pag-aaral sa kabila ng mga hamon/limitasyon</p> <p>a. Naiisa-isa ang mga tungkulin ng pamilya sa edukasyon ng bawat bata</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang tungkulin ng pamilya sa edukasyon ng bata ay paunlarin ang mga kaalaman, kasanayan, at pagpapahalaga ng bawat bata tungo sa matagumpay at makabuluhang buhay na ginagabayan ng katotohanan at kabutihan</p> <p>c. Nailalapat ang mga tungkulin sa sariling edukasyon bilang pagtugon sa tungkulin ng pamilya</p>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga tungkulin sa sariling edukasyon bilang pagtugon sa tungkulin ng pamilya upang malinang ang pagiging masipag.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Masipag (Industrious)</b>	

**BAITANG 8****IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Daluyan ng Edukasyon Tungo sa Paglinang ng Pagpapahalaga**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
2. Mga Pagsubok sa Pamilya	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga pagsubok sa pamilya.	<p>2. Nakapagsasanay sa pagiging matatag sa pamamagitan ng pagtataglay ng positibong pananaw sa buhay at pagtulong sa sarili na malampasan ang mga pinagdaraanang pagsubok</p> <p>a. Natutukoy ang mga pagsubok sa pamilya</p> <p>b. Napatutunayan na ang mga pagsubok sa pamilya ay kailangang unawain at matanggap upang magsilbing inspirasyon at gabay sa hinaharap</p> <p>c. Nakapaglalatap ng mga wastong pagtugon sa mga nararanasang pagsubok sa pamilyang kinabibilangan</p>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong pagtugon sa mga nararanasang pagsubok sa pamilyang kinabibilangan upang malinang ang pagiging matatag.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Matatag (Resilience)</b>	

**BAITANG 8****IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Daluyan ng Edukasyon Tungo sa Paglinang ng Pagpapahalaga**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
3. Pagbibigay-halaga sa Kabutihang Dulot ng Pamilya	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbibigay-halaga sa kabutihang dulot ng pamilya.	3. Naisasabuhay ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng palagiang pagdiriwang ng mga munting tagumpay na nakamit sa tulong ng mga positibong katangian ng pamilyang kinabibilangan <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakakikilala sa mga kabutihang dulot ng pamilya sa sarili</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang pagbibigay-pansin at halaga sa kabutihang dulot ng pamilya ay nakatutulong upang lubos na maunawaan ang sarili</li> <li>c. Nailalapat ang mga sariling paraan ng pagbibigay-halaga sa mga kabutihang dulot ng pamilya</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling paraan ng pagbibigay-halaga sa mga kabutihang dulot ng pamilya upang malinang ang pagiging mapagpasalamat.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapagpasalamat (Gratitude)</b>	

**BAITANG 8****IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Daluyan ng Edukasyon Tungo sa Paglinang ng Pagpapahalaga**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
4. Pagiging Mapagpasalamat sa Diyos sa Tulong ng Pamilya at Kapuwa	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagiging mapagpasalamat sa Diyos sa tulong pamilya at kapuwa.	4. Naisasabuhay ang pagiging mapagkumbaba sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan sa kapuwa bilang indikasyon ng pasasalamat sa Diyos <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakapagpapahayag ng mga paraan ng pasasalamat sa Diyos mula sa natutuhan sa pamilya at kapuwa</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang pagiging mapagpasalamat sa Diyos sa tulong ng pamilya at kapuwa ay pagkilala sa biyayang tinatamasa</li> <li>c. Nailalapat ang mga paraan ng pasasalamat sa Diyos na natutuhan mula sa pamilya at kapuwa</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang-mga paraan ng pasasalamat sa Diyos na natutuhan mula sa pamilya at kapuwa upang malinang ang pagiging mapagkumbaba.	
<b>Lilinangang Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Mapagkumbaba (Humility)</b>	

**BAITANG 8****IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Daluyan ng Edukasyon Tungo sa Paglinang ng Pagpapahalaga**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
5. Pagkilala sa Presensiya ng Diyos sa Loob ng Pamilya	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya.	5. Naisasabuhay ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagkilala sa presensiya ng Diyos sa kinabibilangang pamilya <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Nakakikilala ng mga situwasyon na indikasyon ng presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya</li> <li>b. Napatutunayan na ang presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya ay makikita sa kapayapaan, katatagan at pagmamahalan sa loob ng pamilya</li> <li>c. Nailalapat ang mga paraan ng pagkilala sa presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya</li> </ul>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pagkilala sa presensiya ng Diyos sa loob ng pamilya upang malinang ang pananampalataya.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Pananampalataya (Faith)</b>	



**BAITANG 8**

**IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Daluyan ng Edukasyon Tungo sa Paglinang ng Pagpapahalaga**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
<p>6. Mga Tugon ng Pamilya sa mga Pangangailangang Pisyolohikal na may Pagsasaalang-alang sa Kalikasan</p>	<p>Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga tugon ng pamilya sa mga pangangailangang pisyolohikal na may pagsasaalang-alang sa kalikasan.</p>	<p>6. Nakapagsasanay sa pagiging mapamaraan (<i>resourceful</i>) sa pamamagitan ng pagtanim, pagbuburo at iba pang kaugnay na gawain nang may pagsasaalang-alang sa kalikasan</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Natutukoy ang mga tugon ng pamilya sa mga pangangailangang pisyolohikal ( hal. pagtanim ng gulay, pagbuburo, at iba pang kaugnay na gawain)</li> <li>b. Naipaliliwanag na ang mga tugon ng pamilya sa mga pangagailangang pisyolohikal gaya ng pagtanim, pagbuburo at iba pang kaugnay na gawain, bilang pinagkukunan ng pagkain ay paraan upang matugunan ang kanilang pangangailangan gamit ang kakayahan at taglay na resorses.</li> <li>c. Naisasakilos ang mga paraan sa pagtugon ng pamilya sa mga pangangailangang pisyolohikal na may pagsasaalang-alang sa kalikasan</li> </ul>
<p><b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b></p>	<p>Naisasagawa ng mag-aaral ang mga tugon ng pamilya sa mga pangangailangang pisyolohikal na may pagsasaalang-alang sa kalikasan upang malinang ang pagiging mapamaraan.</p>	
<p><b>Lilinangang Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b></p>	<p><b>Mapamaraan (Resourceful)</b></p>	

**BAITANG 8****IKALAWANG MARKAHAN: Pamilya Bilang Daluyan ng Edukasyon Tungo sa Paglinang ng Pagpapahalaga**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
7. Paggunita ng Pamilya sa mga Makasaysayang Pagdiriwang	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa paggunita ng pamilya sa mga makasaysayang pagdiriwang.	7. Nakapagsasanay sa nasyonalismo sa pamamagitan ng paghahalaw ng mga virtue na ipinakita ng mga bayani at nasasalamín sa mga makasaysayang pagdiriwang  a. Nakakikilala ng mga paraan sa paggunita ng pamilya sa mga makasaysayang pagdiriwang b. Naipaliliwanag na ang paggunita ng pamilya sa mga makasaysayang pagdiriwang ay nakapagpapaunlad ng kamalayan sa mga kabayanihan ng mga magiting na Pilipino at mahahalagang pangyayari upang bigyang-pugay ang mga ambag ng mga ito sa bansa c. Nailalapat ang sariling mga paraan ng paggunita ng pamilyang kinabibilangan sa mga makasaysayang pagdiriwang ayon sa kanilang kakayahan
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang sariling mga paraan ng paggunita ng pamilyang kinabibilangan sa mga makasaysayang pagdiriwang ayon sa kanilang kakayahan upang malinang ang nasyonalismo.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Nasyonalismo (Nationalism)</b>	

**BAITANG 8****IKATLONG MARKAHAN: Pakikipag-ugnayan sa Kapuwa Habang Nilalampasan ang mga Hamon**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
1. Kadalisan sa Salita at Gawa sa Pakikipagkapuwa	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa kadalisan sa salita at gawa sa pakikipagkapuwa.	<p>1. Nakapagsasanay sa pagiging matapat sa pamamagitan ng pagtutugma ng salita at kilos ayon sa damdamin at iniisip ngkapuwa na may pagsasaalang-alang sa kahihinatnan nito</p> <p>a. Natutukoy ang mga paglabag sa pagiging totoo sa salita at gawa sa kapuwa (hal. pagsisinungaling, hindi pagtupad sa pangako at tungkulin)</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang kadalisan sa salita at gawa sa pakikipagkapuwa ay patunay ng pagkakaroon ng pananagutan sa katotohanan at mabuting konsensiya, na ang layunin ay ibigay sa kapuwa ang nararapat bilang paggalang sa kaniyang dignidad</p> <p>c. Nailalapat ang mga kilos ng pagiging totoo sa salita at gawa sa kapuwa</p>
<b>Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)</b>	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga kilos ng pagiging totoo sa salita at gawa sa kapuwa upang malinang ang pagiging matapat.	
<b>Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)</b>	<b>Matapat (Honest)</b>	

**BAITANG 8****IKATLONG MARKAHAN: Pakikipag-ugnayan sa Kapuwa Habang Nilalampasan ang mga Hamon**

<b>Nilalaman (Content)</b>	<b>Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)</b>	<b>Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competency)</b>
2. Pamamahala ng Ugnayan sa Panahon ng Hindi Pagkakaunawaan sa Kapuwa	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pamamahala ng ugnayan sa panahon ng hindi pagkakaunawaan sa kapuwa.	<p>2. Nakapagsasanay sa pagiging mapagpasensiya sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga paraan ng positibong pagpapayapa ng isip at damdamin</p> <p>a. Nakapagpapahayag ng mga wastong paraan ng pamamahala ng ugnayan kapag may hindi pagkakaunawaan sa kapuwa</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang pamamahala ng ugnayan sa panahon ng hindi pagkakaunawaan sa kapuwa ay mahalaga para maisalba ang mabuting ugnayan at mapairal ang kahinahunan upang makaiwas mula sa mga hindi inaasahang kahihinatnan</p> <p>c. Naisasakilos ang mga wastong paraan ng pamamahala ng ugnayan kapag may hindi pagkakaunawaan sa kapuwa</p>
